

# COVID-19 Comprehensive Measures(Excerpt)

## ～”Layunin para sa pagtatapos ng 4<sup>th</sup> Wave”～

Napagpasyahan : 2021 Hunyo 18

COVID-19 Infection Countermeasures HQ Gifu Prefectural Government

Panahon ng Pagpapatupad : mula Hunyo 21 hanggang Hulyo 4

### Countermeasure 1 Masusing Hakbang ng Pagpapatupad ng “New Behavior Guidelines” (Pagpapatuloy)

Bilang pangunahing batayan, “Masusing ipagpatuloy gawin ang basic infection preventive measures (pagsuot ng mask, handwashing, mahigpit na pag-iwas sa masisikip na lugar, pamamahala ng pisikal na kondisyon).

Maiiwasan ang impeksyon mula sa mga mutant strains gamit ang parehong mga hakbang. Kahit na sa mga nabakunahan na, ang epekto sa papigil ay mataas, ngunit hindi ito 100%, kaya’t manatiling alerto at gumawa ng maiging mga pangunahing hakbang sa pag-iwas sa impeksyon!

#### ( 1 ) Para sa mga Mamamayan ng Prepektura

##### ① Hinihiling na iwasan ang paglabas-labas

- Maingat na isalang-alang ang pangangailangan at kaligtasan sa paglabas, at pumili ng hindi mataong oras at lugar.
- Maingat na isalang-alang ang pag-uwi at paglalakbay (travel). Partikular na iwasan ang hindi kinakailangan at hindi importanteng paglabas-pasok sa Aichi at mga lugar na may “State of Emergency”.

##### ② Masusing pag-iwas sa peligro ng impeksyon sa droplet

- Iwasan ang mahabang oras ng kainan at inuman maging sa bahay man o sa labas, huwag magpaka-lasing, iwasan ang malakas na boses, magsuot ng mask sa oras ng mga pag-uusap. Maging maingat kahit na kapamilya o partner.
- Iwasan ang mga aktibidad na may mataas na peligro ng impeksyon at may malaking bilang ng tao (maliban sa mga kasambahay) tulad ng pag-inom ng alak sa mga kalye o park at pag-barbecue sa loob o labas ng bahay
- Hinihiling ang paggamit sa mga kainan na may masusing mga hakbang sa pag-iwas sa impeksyon, pagpunta sa mga kainan na may mga stickers na “Implementing COVID-19 Measures”. Hinihiling na iwasan ang pagpunta sa mga kainan, atbp na walang masusing mga hakbang sa pag-iwas sa impeksyon
- Dahil ang karaoke ay may mataas na peligro ng impeksyon ng “droplet”, lubusang ipinapatupad ang mag-mask sa karaoke. Kung hindi ito kayang gawin, iwasan ang paggamit ng Karaoke.

**( 2 ) Masusing mga hakbang sa pag-iwas sa impeksyon sa lahat ng mga negosyo, kabilang ang mga restawran**

- ① Kahilingan ng Pagpapaikli ng Business Hours ng mga Restawran  
Mula Hunyo 21 (Lunes) hanggang Hulyo 4 (Linggo)

Target na Business	Restawran <sup>※ 1</sup> Entertainment Facilities <sup>※ 2</sup> (hindi kasama ang delivery at take-out services) ※ 1 Restawran (kabilang ang Izakayas) , cafes atbp. ※ 2 Bars, Karaoke box atbp. na may business permit alinsunod sa Food Sanitation Law
Target Area	Gifu-shi, Ogaki-shi, Minokamo-shi, Kakamigahara-shi, Kani-shi, Mizuho-shi
Detalye ng Kahilingan	Pagpapaikli ng Business Hours : 5:00 hanggang 21:00 • Ang alak ay dapat lang i-serve mula 11:00 hanggang 20:00
Halaga ng Compliance Fund	• Maibibigay ang Compliance Fund kapag nabuo ang buong araw ng kahilingan. • Bawat branch ng Small/Medium businesses : ¥25,000 hanggang ¥75,000 Bawat branch ng Large Businesses: Decrease ng daily sales X 0.4 (hanggang ¥200,000 o daily sales X 0.3. Maaari ring piliin ang option na ito ng Small/Medium Businesses)

- ② Hinihiling sa mga restawran at karaoke, atbp. ang masusing hakbang upang maiwasan ang pagkalat ng “droplet” sa pagsusuot ng mask at paglalagay ng mga partitions. Kung hindi ito maisakatuparan, hinihiling na huwag ipagamit ang karaoke set, atbp. sa customers.